REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
DECS Complex, Meralco Avenue
Pasig City Philippines

PHILIPPINES 2000

*Tanggapan ng Kalihim*
*Office of the Secretary*

*Sama-Sama sa DECS*

Hunyo 28, 2000

**MEMORANDUM PANGKAGAWARAN**
**Blg 278, s 2000**

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2000**

Sa mga
Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Rehiyon
Direktor ng Lingkurang Sentro at mga Puno ng Yunit
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Patnugot ng mga Pribadong Paaralan Elementarya at Sekundarya

1 Bilang pag-alinsunod sa Proklamasyon Blg 1041 s 1997 ang Buwan ng Wikang Pambansa 2000 ay ipagdiriwang sa Agosto 1-31 Ito ay pangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino

2 Ang isang buwang pagdiriwang ay hinati sa sumusunod na mga paksa para sa bawat linggo

Agosto 1-7 - Ang Wika ng Rehiyon sa Larangan ng Edukasyon
Agosto 8-14 - Ang Wika ng Rehiyon sa Preserbasyon ng Kultura ng Bawat Rehiyon
Agosto 15-21 - Ang Wika ng Rehiyon at ang Pagsasalin sa Filipino ng Impormasyong Panteknolohiya
Agosto 22-28 - Ang Wika ng Rehiyon at Pag-unlad ng Bansa
Agosto 29-31 - Ang Wika ng Rehiyon Tulay sa Pambansang Pagkakaunawaan

3 Kalakip nito ang Palatuntunan ng mga Gawain para sa isang buwang pagdiriwang

4 Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito

ANDREW GONZALEZ, FSC
Kalihim

Kalakip Gaya ng nasasaad
Sanggunian Memorandum Pangkagawaran Blg 236 s 1999
Pamumudmod 1–(D O 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim
ng mga sumusunod na paksa

CELEBRATIONS & FESTIVALS
Learning Area, FILIPINO

Kalakip sa Memorandum Pangkagawaran Blg 278, s 2000

**Palatuntunan ng mga Gawain**
**para sa pagdiriwang ng**
**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2000**

**Paksang-diwa. "Wika ng Rehiyon Pantulong sa Paglinang at Pagpapaunlad ng Wikang Filipino"**

**Agosto 1 7 — Ang Wika ng Rehiyon sa Larangan ng Edukasyon**

1 Pagdaraos ng simposyum na may paksang "Muling Pagtingin sa Patakaran sa Edukasyong Bilinggwal" na dadaluhan ng mga edukador, guro, at mag-aaral ng kursong edukasyon

2 Pagdaraos ng seminar-worksyap para sa mga guro tungkol sa paggamit ng awtentikong kagamitan sa pagtuturo at pagdaraos ng pakitang-turo ng mga kinatawan ng iba't ibang rehiyon upang ipakita ang paggamit ng kanilang wika bilang wikang pantulong sa mabisang pagtuturo

3 Pagsasatao ng pagdaraos ng isang klase na ang mga mag-aaral ay binubuo ng mga kinatawan ng iba't ibang rehiyon upang ipakita kung paano mabisang nagaganap ang inter-aksyon sa pagitan ng mga mag-aaral at mga guro

**Agosto 8 – 14 — Ang Wika ng Rehiyon sa Preserbasyon ng Kultura ng Bawa't Rehiyon**

1 Pagdaraos ng eksibit ng mga katutubong sayaw ng bawat rehiyon na ang pangalan at paliwanag ay nakasulat sa wika ng rehiyon at may salin sa Filipino

2 Pangangalap ng mga hindi pa nalalathalang kwentong-bayan sa kanya-kanyang rehiyon

3 Pagdaraos ng patimpalak sa paglikha ng awit sa wikang rehiyonal

**Agosto 15 – 21 — Ang Wika ng Rehiyon at ang Pagsasalin sa Filipino ng Impormasyong Panteknolohiya**

1 Pangangalap ng mga unikong salitang maitutumbas sa mga bagong pasok na salitang teknikal

2 Pagdaraos ng isang pambansang seminar sa pagsasalin ng wikang teknikal na dadaluhan ng mga kinatawan mula sa iba't ibang rehiyon

3 Pagdaraos ng patimpalak sa pagsasalin sa Filipino ng isang artikulong pang-agham

**Agosto 22 – 28 Ang Wika ng Rehiyon at Pag-unlad ng Bansa**

1 Pagdaraos ng patimpalak sa paglikha ng islogan sa Filipino na may halong angkop na mga salitang galing sa wikang rehiyonal

2 Pagsasatao ng pagpapatakbo ng pamahalaan na ang gaganap na Pangulo at mga kagawad ng Gabinete ay mga mag-aaral na mula sa buong kapuluan

3 Pagpapasulat ng sulating pormal at di-pormal tungkol sa paksa sa linggong ito na gumagamit ng ilang magaganda at angkop sa salitang rehiyonal

**Agosto 29 – 31 Ang Wika ng Rehiyon Tulay sa Pambansang Pagkakaunawaan**

1 Pagdaraos ng talakayan sa klase ng nagpapakita kung paano ang mga wikang rehiyonal ay magiging epektibong tulay para sa pagkakaunawaan ng mga mamamayan

2 Pagdaraos ng eksibit ng iba't ibang produkto at paraan ng pamumuhay ng bawat rehiyon

3 Pagsasatao ng ugnayan ng mga Pilipino mula sa iba't ibang rehiyon, halimbawa'y sa larangan ng kalakalan paligsahan sa isports at iba pa

4 Patimpalak sa pagsasalin ng tula salawikain at dula mula sa orihinal na wika ng rehiyon tungo sa Wikang Filipino

5 Pagtatanghal ng dula o balagtasan na ginagamit ang wika ng rehiyon at wikang Filipino bilang midyum ng komunikasyon, pasulat man o pasalita

6 Pagkampana sa radyo at telebisyon na patugtugin ang mga awitin at rehiyon na naisalin na sa wikang Filipino